

## CHRIST CRUCIFIED: MY ONLY BOAST

### GALACIA 6:11-18

*Tingnan ninyo kung sa gaano kalalaking mga titik sumusulat ako sa inyo sa pamamagitan ng aking sariling kamay! <sup>12</sup>Ang mga nais gumawa ng magandang palabas sa laman ang siyang pumipilit sa inyo na magpatuli, upang hindi sila usigin dahil sa krus ni Cristo. <sup>13</sup>Sapagkat maging ang mga nagpatuli ay hindi rin naman tumutupad ng kautusan; ngunit ibig nila kayong magpatuli upang sila'y makapagmalaki sa inyong laman. <sup>14</sup>Subalit huwag nawang mangyari sa akin ang magmalaki, maliban sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan nito ang sanlibutan ay ipinako sa krus para sa akin, at ako'y sa sanlibutan. <sup>15</sup>Sapagkat ang pagtutuli o ang di-pagtutuli ay walang kabuluhan, kundi ang bagong nilalang. <sup>16</sup>Kapayapaan at kaawaan nawa ang sumakanilang lahat na lumalakad sa alituntuning ito, at maging sa Israel ng Diyos. <sup>17</sup>Buhat ngayon ay huwag akong guluhin ng sinuman; sapagkat taglay ko sa aking katawan ang mga bakas ng paghihirap ni Jesus. <sup>18</sup>Mga kapatid, ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyo nawang espiritu. Amen.*

### PANIMULA

1. Sinong kaibigan ang sa tingin mo ay maipagmamalaki mo sa iba? Bakit mo siya maipagmamalaki? Magbanggit ng mga katangian niya o mga bagay na nagawa niya.

*Tulay sa Pag-aaral:* Lahat ng tao ay may ipinagmamalaki - maaaring sa sarili niya o sa ibang bagay. Sa huling bahagi ng sulat ni Pablo, ipinakita niya ang laki ng agwat ng ipinagmamalaki ng mga Judaizers sa nag-iisang ipinagmamalaki niya. Ang isang pagmamalaki ay hindi nakalulugod sa Diyos, ang isa naman ay kagustuhan ng Diyos na ipagmalaki natin. Sa pag-aaral na ito, titingnan natin kung ano iyong nag-iisang dapat ipagmalaki natin.

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 11, 16, at 18. Sa mga talatang ito, paano ninyo nakikita ang laki ng concern ni Pablo sa mga taga-Galacia? Paano ito makahihikayat sa kanila na muling pakinggan si Pablo?
3. Basahin ang verses 12-13. Anu-ano ang ipinahayag ni Pablo na mga katangian ng mga taong nanggugulo sa kanila? Ano ang dahilan kung bakit nais nilang ipatuli ang mga taga-Galacia? Ikumpara ito sa hangarin ni Pablo na pinag-usapan sa No. 2.

4. Sa anu-anong paraan katulad tayo nila na nagmamalaki sa sariling gawa natin? Magbigay ng mga halimbawa.
5. Basahin ang verses 14-15. Salungat sa mga Judaizers, ano ang isang bagay na ipinagmamalaki o ipinagmamapuri ni Pablo? Ano ang ibig sabihin ng pagmamalaki na ito kung titingnan natin ang laki ng pagpapahalaga dito ni Pablo? Tingnan ang Filipos 3:7-8 at 1 Corinto 2:2.
6. Anong mga dahilan ang binanggit ni Pablo kung bakit ganito ang kanyang damdamin para kay Cristo? Bakit ito napakahalaga kay Pablo at sa ating mga Cristiano? Balikan din ang Galacia 2:20.
7. Anu-ano ang mga naranasan mo dahil sa ginawa ni Cristo? Balikan ang mga napag-aralan sa Galatians.
8. Sa anu-anong paraan nakikita ng Diyos na hindi natin pinahahalagahan o naipagmamalaki ang ginawa ni Cristo sa krus para sa atin?
9. Sa anu-anong paraan naman maipapakita natin ang pagmamalaki kay Cristo at sa kanyang kamatayan sa krus?

### PAGSASABUHAY

10. Anong isang bagay ang ipinagmamalaki mo na nais ngayon ng Diyos na bitawan mo? Ano ang gagawin mo ukol dito?
11. Ano ang gagawin mo upang maipakita na ang pinakamahalagang bagay na mayroon ka sa buhay ay si Cristo at ang kanyang ginawa sa krus para sa iyo?
12. Ano ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo sa pag-aaral ng Galatians? Ano ang nakita mong pagbabago sa iyong paniniwala at pamumuhay? Magpasalamat sa Diyos.
13. Isaulo ang Galacia 2:20.